

PINTIG

Koryesunista

OPISYAL NA PAHAYAGANG FILIPINO
COR JESU COLLEGE (BASIC EDUCATION DEPARTMENT)
KASAPI: NATIONAL SCHOOLS PRESS ASSOCIATION



BUMANDERA! Ipinamalas ng CJC ang Excellence nang naging opisyal na PAASCU Level I Accredited na ang Institusyon.

PAASCU Accreditation

CJC-BED, nagtagumpay

Nagbunga ang puspusang paghahanda ng Cor Jesu College Basic Education Department sa isinagawang pormal na bisitasyon noong Pebrero 11-12, 2013 ng Philippine Accrediting Association

of School, Colleges and Universities (PAASCU).

Ayon kay Gng. Teresita Rodriguez, Assistant Principal ng Elementarya, dahil sa ginawang accreditation process, maraming mga bagay ang

umunlad. Kabilang na dito ang pagbago at pag-unlad ng kurikulum, mga guro, mga pasilidad, mas malinaw na sistema at mga paraan ng pagtuturo na sa ngayon ay ginagamitan ng 3Is: ang Introduction, Interaction, at

Integration.

Hindi naging madali ang ginawang preparasyon ng mga guro. Tulad na lamang ng pagbabahagi ng mga trabaho, pangongolekta ng mga dokumento mula sa mga opisina at ang pagsasaayos ng mga ito.

Sa kasalukuyan, patuloy pa rin ang isinasagawang paghahanda ng paaralan upang mas mapaganda at mapabuti ang serbisyo sa susunod na bisitasyon sa darating na Pebrero 2015-2016.

Mary Gabriela Reyes

CJC, 54th Founding Anniversary, ipinagdiriwang

Engrande at masigarbong ipinagdiriwang ng mga mag-aaral ng Cor Jesu College Basic Education at College Department ang ika-54 Foundation Day ng Cor Jesu College, Setyembre 30, 2013.

Naging sentro ng selebrasyon ang pagbasbas ni Msngr. Guillermo Afable sa 4-storey building ng CJC (College Department) na nagkakahalagang 100 milyong piso.

Pinarangalan at binigyang-pugay ang mga piling empleyado ng Cor Jesu College na espesyal na dinaluhan nina Mayor Joseph Penas

at Gov. Claude Bautista. Iba't ibang aktibidad ang nagpasigla sa hapon ng pagdiriwang; nagkaroon ng iba't ibang field demonstration mula at invitational games sa iba't ibang isports tulad ng basketball at volleyball girls.

“Masaya ako’t maganda ang kinalabasan ng pusposang pahahanda ng mga estudyante. Talagang masasabikong matagumpay ang selebrasyon,” wika ni Kirt Anthony Diaz, Ph.D., punongguro ng Cor Jesu College.

Fiona Aves at Jelli Llorente

CJC Researchers, humakot ng parangal

Ginantimpalaan ng iba't ibang parangal ang lima sa mahuhusay ng guro ng Cor Jesu College sa katapos na ACMRHE o Asian Conference on Multidisciplinary Research on Higher Education noong Disyembre 9, 2013 sa Marriott Hotel, Pasay City, Manila, Philippines.

Kabilang sa mga nag-uwi ng parangal ay sina Dr. Kirt Anthony R. Diaz, World's Best Abstract Award. Best in Oral Presentation (platinum), Best in Power Point (platinum), Best Dressed Researcher (diamond), Best in Talent (platinum), Dr. Leticia A. Cansancio, Best in Oral Presentation (diamond), Best in Power Point (diamond), Best Dressed Researcher (diamond), Best in Talent (diamond). Dr. Hermogenes C. Orion Jr., Best in Oral Talent (diamond),

Best Dressed Researcher (diamond), Mrs. Jingle S. Navarez, MA, RGC Best in Oral Presentation (diamond), Best in Power Point (diamond), Best Dressed Researcher, (diamond), Best in Talent (platinum award), Dr. Randy A. Tudy, World's Research Productivity Award, Best in Oral Presentation (platinum), Best in

Power Point (platinum), best in Talent (platinum), Best Dressed Researcher (diamond).

Tunay na kahanga-hanga ang ipinamalas na galing at talento ng ating mga natatanging guro. Ito ay nagsilbing inspirasyon sa karamihan na pagyabugin ang kanilang mga kakayahan at talento sa iba't ibang larangan.

Rizza Monette Caro



NGITI NG TAGUMPAY! Ibinandera nina Dr. Kirt Anthony R. Diaz, Dr. Leticia A. Cansancio, Dr. Hermogenes C. Orion Jr., at Gng. Jingle S. Navarez, MA, RGC ang CJC nang bumulsa ng mga parangal sa nakaraang ACMRHE.

Pintig, Pulse bumandera

Taas-noong naiwi ng 44 manunulat ng Cor Jesu Pulse at Pintig ang iba't ibang gantimpala sa taunang Division Schools Press Conference sa Digos City National High school noong Oktubre 17–18,2013.


Epekto ng pagsisikap at matiyagang pag-eensayo, nasungkit ng mga manunulat ng Cor Jesu Pulse at Pintig ang iba't ibang medalya. Sa News Writing (E)- Eva Niez- 2nd, (F)-Fiona Aves- 1st, Sports Writing (E)- Danelle Flores- 1st, (F)- Florenz Cameros- 2nd, Editorial Writing (E)- Niño Villacastin- 1st, (F)- Rizza Caro- 5th, Feature Writing (E)- Angelica Carreon- 3rd, Copyreading and Headline Writing (E) - Joshua Tuason-

1st, (F) - Victoria Inguillo- 3rd, Editorial Cartooning (E) - Shawn Fabiana- 3rd, (F)-Frances Campo- 2nd, Photojournalism (E) - Amiabelle Hingpit- 3rd, (F)- Prince Davis- 2nd, Science and Technology Writing (E) - Hijasmin Palec- 4th, (F) - Mara Motoy- 1st, Quiz Bee, Angelica Carreon- 1st. Naibulsa naman ng Broadcasting at Collaborative Writing, Filipino at English, ang ikalawang pwesto.

Ngayo'y puspusan na pinaghahandaan ng mga nanalong manunulat ang RSPC na gaganapin ngayong Pebrero 12–14 sa Nabunturan, Compostella Valley.

Fiona Danielle Nicole Aves

DEKASYON. Buong pusong binuhos ng mga mag-aaral ang kanilang galing sa ginanap na Division Schools Press Conference (DSPC).



Boy Scouts, nagpasiklab

Mahigit sa apat na libong Boy Scouts ang lumahok sa isinagawang Eastern Mindanao Regional Scout (EMR) Jamboree noong ika-7 hanggang ika-11 ng Agosto 2013, sa Barangay Old Bulatukan, Makilala, North Cotabato.

Ang limang araw na

4th SPNBQ

CJC-BED, pumwesto

Isang kapisanang naglalayong pagyabungin ang mga kaalaman na makukuha sa bibliya, ito ang St. Paul Philippines-Macau Province na nagdaos ng kanilang taunang St. Paul's Bible Quiz na nilahukan ng mga piling estudyante ng Cor Jesu College Basic Education Department noong ika-20 na Hulyo 2013.

Ang kumpetisyong ito ay sinalihan ng 34 paaralang sa

Regional Scouting Jamboree, ay nilahukan ng iba't ibang paaralan na nagmula sa iba't ibang panig ng Rehiyong X, XI, XII, at XIII.

Sinigurado naman ng mga namamahala ang seguridad ng kapaligiran upang maiwasan ang mga insidente na makasasama sa mga bata.

Kaugnay nito, ang mga Boy Scout ay nagtagisan ng kanilang nakatagong galing sa larangan ng pagsayaw ng Cultural Dance at Street Dance. Sa kanilang pag-uwi, ay bitbit nila ang kanilang mga aral na natutunan patungo sa kanilang magandang simula.

Jeksi R. Presbitero

sa Final round na ginanap sa SM Ecoland Annex noong ika-21 ng Hulyo 2013.

Alinsunod sa patakarang isang team lang ang makakapasok dito, pinagpatuloy ng Team A ang kompetisyon at nasungkit nila ang pangtatlong puwesto mula sa sampung paaralan na nagtunggalian.

Prince Lemuel Davis

bahaging timog ng Mindanao kung saan may pitong representante na nahati sa dalawang pangkat na hinati sa Team A na binubuo nina Victoria Eliza Inguillo, Juven Niño Villacastin, Joshua Tuason at Danelle Gen Flores at sa Team B naman ay sila Angelica Carreon, Eva Julia Niez at Ahabel Borong.

Nakasali ang Cor Jesu College sa top 10 na didiretso

CorJesian, sinungkit ang ginto sa Poster Making Contest

Baon ang labis na kasayahan at tiwala sa sarili, naiwi ni Rheanne Kate Gelvero ang parangal bilang kampeon sa Provincial Lung Month Commemoration noong ika-30 ng Agosto 2013 sa Crisbel Crown Center, Digos City.

Tinalo ni Rheanne ang dalawa pang kalahok mula sa Digos City National High School at Polytechnic College of Davao del Sur sa On-the-Spot Poster-making Contest na may temang: "TB free Philippines: Accelerating TB Control:

Shifting Gears and New Paradigms."

Aniya, "Puro magagaling ang mga kakompetensya ko." Dagdag pa niya, "Gayun paman, nagpapasalamat talaga ako na ako ang nanalo."

"Masaya ako't maganda ang binunga ng aming mga pagsasanay. Ngunit sa umpisa pa lang talaga ay malaki na ang aking kumpiyansa sa kakayahan niya," wika ni Ginoong Anthony Pleños, tagapayo ni Rheanne.

Ken Carillo

3rd Sci-tech inilunsad

Mga mag-aaral lumahok! "The best talaga ang Sci-tech!" Pahayag ng Science Club President, Eva Niez, isa sa 144 Science at Math Clubbers ng Cor Jesu College na nakilahok sa ikatlong Science and Technology Camp (Sci-tech Camp) noong ika-12 hanggang ika-14 ng Setyembre 2013 sa Mer Grande Beach Resort, Toril, Davao City. Kaugnay nito, naging tagapagsalita sina Bb. Carolyn Mae Villanaba, guro ng Philippine Science Southern Mindanao Campus, Gng. Emma Mari Macavinta mula Ateneo de Davao University at Gng. Lolani Diduana mula Philippine Science Campus para sa mga paksa. Pinagtuunan ng

pansin sa mga workshops ang tema; Unravel the causes, build the solution, empower science clubbers to action. Sa paggunita ng National Science Club Month, ang Science Club sa pakikipagtulungan ng Math Club ay nagdaos sa pangatlong pagkakataon ng Sci-tech na binubuo ng iba't ibang mga patimpalak at aktibidad na magpapalawak sa kanilang kaalaman sa Matematika at Agham. Sa pangunguna ng Science Moderator, G. Jun Rey Dequina at sa suporta ng Science Club at Math Club Officers, naging matagumpay ang ikatlong taong pagsasagawa ng Science and Technology Camp.

Fiona Danielle Nicole Aves



MATAGUMPAY! Buong galak na iniwi ng team A ang ikatlong pwesto sa nakaraang Regional Saint Paul Bible Quiz.

2nd RLTSO, dinagsa

Mahigit anim na raang estudyante mula sa iba't ibang mataas na Paaralan sa iba't ibang panig ng Rehiyon onse kabilang ang 12 mag-aaral ng CJC-BED ang sumabak sa isinagawang 2nd RLTSO o Regional Leadership Training for Student Government Officers sa Panabo National High School mula Disyembre 5–7, 2013.

Ang training ay umabot ng tatlong araw na may temang “SSG on the Go: Express, Explore, Excel,

Towards Country's Peace and Unity na isinakatuparan ng Regional Supreme of Student Government of Region 11 may pangunahing adhikain na mahasa ang potensyal ng ating mga lider ng kinabukasan.

Bukod sa mga conference, nagtagisan rin ang mga kalahok sa ipinatupad na group dynamics na humamon sa kanilang kakayahan. Sa pag-uwi ng mga partisipante ay bitbit nila ang bagong kaalaman at pag-asa tugo sa magandang bukas.

Hazel Joyce Sabanal

31 mag-aaral, nagpakitang-gilas

Isang daan at walumpu't-anim na mga batang mag-aaral mula elementarya at sekondarya ang dumalo sa idinaos na 4th Young Leaders' Conference na ginanap sa Camp Alano, Toril mula ika-25 hanggang ika-27, Hulyo 2013.

Ginanap ang naturang Conference sa pangunguna ng High School Supreme Student Government (HSSSG) at Pupil Supreme Board (PSB) Officers na tumagal ng tatlong araw. Ito ay may temang “Compassionate Leadership: Synergy in the Community of Christ” na may pangunahing layunin na malinang ang kakayahan ng ating mga batang lider sa murang edad.

Naging mga tagapagsalita sina Br. Noelvic Deloria, SC., Br. Erwin Sayson, SC., Rogelio Bayod, MA., Dr. Kirt Anthony Diaz, Jun Rey Dequina at Br. Jerry Lapatan, SC.

Naghandog din ng maagang pamasko ang mga kalahok gaya ng relief goods sa mga kababayan nating kapuspalad sa Dapsa, Davao City. Bumida rin ang mga partisipante sa isinagawang group dynamics na humasa sa talas ng kanilang pag-iisip at pakikipagbayanihan.

Baon ng mga bata sa kanilang pag-uwi ang pag-asa at makabagong kaalaman tungo sa ikalalago ng kanilang kakayahan sa pamumuno.

Hazel Joyce Sabanal

YLC '13

Mga estudyante bumida



GO! GO! GO! Aktibong nagtulungan ang mga batang lider sa nakaraang YLC.

Baon ang determinasyon at kagustuhang matuto, 31 estudyante mula sa Cor Jesu College, Basic Education Department ang dumalo sa National Science Club Month '13 sa Philippine Women's College, Davao City noong Setyembre 8, 2013.

Samu't-saring mga aktibidad ang itinampok gaya ng Philippines Science Olympiad (PSO) na nilahukan nina Angelica Carreon, Xavierich Castañeda, Frances Ianelle Campo at ang kanilang tagapayo na si Ms. Zola Geyrozaga, Math Sci-aka na sinalihan nina Joshua Tuason, Eva Julia Marie Niez, Juven

Niño Villacastin, Jerahmeel Castañeda at Victoria Eliza Inguillo, at Philippines Extreme Activity Challenge (PEAC) na nilahukan naman ng mga natirang partisipante.

Sa temang “Unravel the Causes. Build the Solution. Empower Science Clubbers to Action,” tinalakay ng tatlong dalubhasa ang mga kalamidad at nilinang ang kahandaan ng mga kalahok.

“The theme of the event was very timely, the experience and teachings can be a big help for the students,” ani pa ni Mr. Jun Rey Dequina, Science Club Moderator.

Ken Carillo

Brgy. Aplaya binaha; mga kabahayan napinsala



Baha sa Aplaya, Digos City: Mga kabahayan nalubog at napinsala.

Luhaan at kaawa-awa, inilikas ang 2,000 ka tao sa Digos City Gym matapos makaranas ng matinding pagbaha sa Brgy. Aplaya, Digos, Davao del Sur noong Nobyembre 14, 2013.

Ayon sa report ng probinsya, 80% ng mga residente at land area ng Brgy. Aplaya ang naapektuhan ng flash flood. Tatlong bahay ang inanod, isa sa mga ito ay pagmamay-ari ni Victoria

Erasmu na ani pa niya'y natangay rin sa malakas na agos ng tubig ang kanyang sarisari store at siyam na puno ng niyog.

Aniya ni Bombo Nilo Cobrado, Davao del Sur Provincial correspondent, “Umabot hanggang leeg ang taas ng tubig ng baha. Nabigla rin ang mga residente sa biglang pagtaas ng tubig, dagdag pa ni Cobrado.

Nagsimula ang baha alas

6 ng gabi habang inilikas naman ang mga residente alas 8 ng gabi. Kaagad namin itong inaksyunan ng City Government members, mga kasapi ng 39th infantry battalion na pinangunahan ni Col. Zuniga, Red Cross-Digos at iba pang grupo.

Malakas na ulan sa kabundukan ng probinsya ang posibleng dahilang ng flash flood.

Xavierich Castañeda

7.2 magnitude na lindol, niyanig ang Visayas

Katumbas ng 32 hiroshima atomic bombs ang pinsala ng 7.2-magnitude na lindol sa Central Visayas, Oktubre 15 ng umaga.

Sa tala ng NDRRMC, mahigit 85 katao ang namatay at sugatan. Ang malalaking gusali ay wasak, kasali na rito and CDU University, Basilica Minore de Sto. Niño, GMC

Building, Gaisano Country Mall, Central Technological University, Institute of Technology Building at Loboc Church.

48,000 katao ang nakaramdam sa 7.2-magnitude na lindol na nakasentro sa timog-silangan ng Carmen Bohol, 33 kilometro ang lalim at nagdulot ng 2078 aftershocks, ilan sa mga ito'y

umabot sa 5.1-magnitude ayon sa pagsusuri ng Philvocs.

Kinumpirma ni Pangulong Aquino hindi naman magiging balakid ang usapin ng pondo dahil sa payo ni Budget Secretary Butch Abad, maaring magamit ang 20 bilyong government savings sa pagtugon ng pangangailangan.

Fiona Danielle Nicole Aves



Sto. Niño Church sa Cebu; natibag ng 7.2 magnitude na lindol.

Sistema sa Relief Goods: Baluktot


Mahigit 273,000 o higit pa ang mga pamilyang nasalanta at naapektuhan ng bagyong Yolanda sa Visayas. Marami ang namatay at halos walang natira sa mga ari-arian na ipinundar ng ating mga kababayan. Walang pinili ang bagyo; mayaman man o mahirap ay naghihikahos at nangangailangan ng tulong upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Nakakahindik na pangyayari ang dinanas ng ating mga kababayan at ang nakakalungkot pang isipin ay ang pag antala ng pamamahagi ng relief goods sa mga naapektuhan.

Away sa politika ang nagpapabagal sa pamamahagi ng tulong sa nasalanta. Humahagulgol ang ating mga kababayan sa barangay Guindapunan, Palo, Eastern Leyte dahil ayon sa pahayag ni Nena Obrero, isang residente sa nasabing barangay na mahigit tatlong linggo pa ang dumaan bago sila nakatanggap ng tulong mula sa lokal na pamahalaan.

Iniluklok natin sa pwesto ang mga politico upang pagsilbihan tayong mga mamamayan at obligado silang tuparin ang kanilang mga pangako sa panahon ng kanilang pangangampanya. Ngunit bakit sa pag-upo nila sa pwesto ay kinain nila ang kanilang binitiwang pangako at inuna pa nila ang kanilang personal na alitan sa kanilang mga katunggali? Isang patunay na baluktot ang iniisip ng ibang politico na hindi inuna ang pangangailangan ng tao.

Marami tayong mga kababayan na lubos na nangangailangan ng makakain, maiinum, damit at iba pang kailangan. Kitang kita ng lahat sa mga balita at pahayagan ang pagkakaisa ng buong mundo upang matulungan ang kanilang kaawa-awang kababayan at obligasyon ng gobyerno at na pamahalaan na ibigay ng maayos ang tulong mula sa iba't ibang sector sa lipunan. Marapat na linangin ng mabuti nang gobyerno ang sistema sa relief goods sa panahon ng sakuna upang mas maayos tayong makakatulong sa ating mga kababayang nasalanta ng bagyo.

Natural sa ating mga Pilipino ang pagiging likas na matulungin, ngunit bakit hindi magagawa ng ilang nakaluklok sa pwesto na isaalang alang ang kanilang sariling hinanakit upang ipairal ang pagkakawanggawa at unahin ang pangangailangan ng iba. Nawa'y sa susunod na sakuna ay maging handa ang lahat sa lokal man o pribadong sector sa lipunan upang mas maisaayos at maituwid ang baluktot na sistema sa pamimigay ng relief goods sa mga nasalanta.



Pagbubulay-bulay

Rizza Monette Caro

Madilim na liwanag

Buksan ang iyong mga mata. Ano ang iyong makikita?

Namulat tayo sa katotohanan na ang mga kabataan at ang bagong henerasyon ay lulong sa "leisure" ng makabagong teknolohiya na nagmula sa paglawak at pag-unlad ng intelektwal ng mga tao na nagresulta sa pagkalikha ng iba't ibang bagay tulad ng mga "Gadgets" na kinahumulihan ng bata o matanda.

Alinsabay sa pag-unlad ng teknolohiya ay ang pagtaas ng demanda sa kuryente na naging dahilan sa unti-unting pagkaubos ng supply ng kuryente. Samakatuwid, ito ay nagresulta sa ating nararansang "Rotational Brownout."

Marapat ba na sisihin natin ang mga Power Plant Producer dahil sa nararansan nating Rotational Brownout?


Ang NGCP o National Grid Corporation of the Philippines ay isang pribadong sector na ang responsibilidad ay ang

pagpapadala ng supply ng kuryente sa iba't ibang power plant sa buong bansa. Nagmumula ang supply ng kuryente sa "Generation level," sa lebel na ito na kikita sa POWER SYSTEM ay ang malalaking Hydro Power Plant na pinagmulan ng malalaking supply ng kuryente. Nagkakaroon ng brownout dahil sa "Generation Deficiency." Maraming bagay ang naging dahilan kung bakit nagkakaroon ng Generation Deficiency. Kabilang sa mga rason ay ang pagtataas ng antas ng demand at ang pagpapanatili ng Power Supply kung kaya't nagkakaroon ng "shortage." Kabilang din sa mga rason ay ang pagtigil sa pagpapatayo ng power plant dahil sa oras na gugugulin sa pagpapatayo nito. Kaya hindi natin masisisi ang mga korporasyon sa pagkakaroon ng rotational brownout.

Hindi dapat natin ikataniman ng galit ang mga producer ng kuryente dahil ayon sa POWER

SYSTEM sa Transmission Level, dito sa lebel na ito nakikita kung sino ang kokontrol sa bilang ng kuryenteng ibibigay sa tatlong Grid. Ang Pilipinas ay may tatlong grid: Luzon, Visayas, at Mindanao. Sa lebel na ito, kinokontrol at ipinapamahagi ng pantayang supply upang mapanatili ang balance sa buong Grid ng Luzon at maliit lamang na supply ang ibang grid upang mapantayan ang antas ng demand kaya't nagkakaroon ng brownout sa isang grid sa mataas na demand na hindi kayang pantayan ng supply.

Ang pagkakaroon ng shortage at rotational brownout sa kuryente ay hindi dapat isisi sa producer ng kuryente kundi sa atin na mismong gumagamit nito dahil kung bababa ang demand, papantay ito sa supply; samakatuwid, mas maiiwasan nating maranasan ang rotational brownout at bilang consumer dapat gumagamit tayo ng kuryente sa mga importanteng bagay lamang.



Huni

Florenz Cameros

Excellence nga ba?

Isa sa mga pinakaingat-ingatang kayamanan ng isang tao sa panahon ngayon ay ang kalusugan, lalong lalo na sa mga taong "health conscious." Anumang sakit na aatake sa sinumang parte ng pamilya kagaya ng mga bata na suking-suki ng iba't ibang bacteria at mga virus ay maaaring makabutas ng malaki sa bulsa. Ngunit sinong mag-aakalang magulang na maaaring tamaan ang kanilang mga anak dahilang ng mabahong CR? Parang mababaw na problema lang diba?

"Bahoa jud uy!" Pabalik-balik na salita ng mga mag-aaral sa tuwing sisingaw ang matulis na amoy ng

panlalakang palikuran sa bandang Polycarp building ng CJC BED, lalong-lalo na sa Po 105, 106 at 107 na pinaka-apektadong silid aralan na pinakamalapit sa septic tank ng nasabing CR na sa kasagsagan ng kanilang klase ay bigla mo na lamang malalanghap ang nakahihilong amoy.

Ito ay maaaring makasama sa lahat ng mga mag-aaral na apektado at maaaring magdulot ng simpleng sakit ng ulo, ilong at pagkakahilo na maaaring lumala at magsanhi ng komplikasyon sa utak at baga.

Ito'y naging isang malaking suliranin na sa mga estudyante at pati na rin sa mga gurong

papasok na naapektuhan nito. Mula sa simula pa ng klase na hanggang ngayon ay hindi pa rin nakikitaan ng pagbabago. Kahit linisan pa ng sampung beses kada araw eh pabalik-balik parin ang mabansot na amoy na hanggang ngayon na bagong taon na at malapit nang matapos ang pasukan ay ganun paring problema ang sinasalubong ng mga mag-aaral.

Kung hindi ngayon, kailan pa? Tatak Excellence, Community, at Apostleship nga. Eh ito'y sisiw na problema nga lang, ngunit maaaring magdulot ng malaking suliranin dahilang lamang ng palikurang masangsang.



PATNUGUTAN

Taong Panuruan: 2013-2014

Punong Patnugot	: Florenz Cameros
Pangalawang Patnugot	: Ahabel Jannie Borong
Tagapangasiwang Patnugot	: Frances lanelle Campo
Patnugot sa Opinyon	: Rizza Monette Caro Mavien Nova Ebar
Patnugot sa Balita	: Fiona Danielle Nicole Aves
Tagapangasiwa	: Jelli Darylle Llorente
Tagaguhit	: Xavierich Castañeda
Patnugot sa Lathalain	: Roberto Zamora
Tagapangasiwa	: Angelica Viola
Patnugot sa Isports	: Hazedel Joyce Sabanal
Tagakuha ng Larawan	: Prince Lemuel Davis
Tagapangasiwa	: Ana Beatrice Montinola
Tagawasto/Tagaulo ng Balita	: Victoria Eliza Inguillo

Tagapayo
Richel A. Camerino
Mary Kristen A. Alboroto

Punongguro
Kirt Anthony R. Diaz, Ph.D.



Kuro-kuro

Fiona Danielle Nicole Aves

Soberanya

“Mapadali ang pag-unlad ng sosyal na pangkabuhayan at political na sitwasyon sa buong Davao del Sur.” Ito ang sinasabing layunin ng paglikha ng Davao Occidental. Mapapatupad ba ito? O isa na lamang alibi na magbibigay daan sa korapsyon?

Sa pamamagitan ng Republic Act 10360 na inaprobahan ni Pangulong Aquino, napatupad ang paghahati ng Davao del Sur at pagbuo ng bagong Davao Occidental. Ayon pa Pamahalaan ng Davao del Sur, sa pamamagitan ng mga proyekto, maayos na pag bubudyet at matinding pagtutok at pangangasiwa ng mga bagong opisyal ng probinsya ay mabilis na mapapaunlad ang Davao

Occidental. Pero napakahirap ata itong mangyari; lumabas sa pagsusuri na ang limang bayang napapabilang sa Davao Occidental ay kasali sa mga pinakamahirap sa Southern Mindanao.

Ang bagong Davao del Sur ay kinabibilangan ng siyam na bayan at isang lungsod: Sta. Cruz, Bansalan, Matanao, Magsaysay, Hagonoy, Padada, Kiblawan, Sulop, Malalag at Digos City habang ang Davao Occidental naman ay may limang bayan: Malita, Don Marcelino, Jose Abad Santos, Sarangani at Sta. Maria. Ang Malita na tinutukoy na capital ng probinsya ay ika-apat sa pinakamahirap na bayan sa Davao del Sur. At kung pag-uusapan naman ang nasabing income ng mga munisipyo,

hindi ito makakapasa upang maging isang bagong probinsya.

Hindi ba kayo nagtataka? Kailangan ba talaga itong paghahati ng dalawang probinsya? Maayos naman ang noong Davao del Sur. At pag-iisipan niyong mabuti, papaano naman uunlad ang mga pinakanaanghihirap na bayan kung ang mga ito’y inilagay sa iisang probinsya? Oo nga, maraming mga pinangakong magagandang kalalabasan ang Pamahalaan sa atin, pero sigurado ba talaga tayong matutupad ito?

Maaaring ang paglikhang Davao Occidental ay para sa kabutihan at kaunlaran ng lahat. Pero maaari ring para nanaman ito sa POLITICAL CONVENIENCE!



Pandilat

Ahabel Jannie Borong

Lason sa Kabataan

Rampage ba kamo? Aba eh wala nang tatalo sa rampage ng DOTA at ng ibang computer games sa mga kabataan natin ngayon. Like mo ba ang isang tao? Wala lang din yan sa kadamihan ng likes niya sa Facebook. Ano nga ba ang kanilang napapala sa pagkalulong sa mga ito na nagdudulot ng masamang epekto? Bakit nga ba sila adik na adik dito?

Patok sa mga kabataan ngayong ang ibat ibang social networking sites kagaya na lamang ng Facebook at Twitter. ‘Di nagpapahuli ang sikat na mga online games kagaya ng DOTA. Lahat ng ito’y halimbawa ng dalang media at mga makabagong kagamitan sa panahon ngayon.

Ayon sa statistics, pataas nang pataas ang bilang ng mga kabataang nalululong sa mga social networking sites at mga online games kada taon na siyang palalang-palala na lalong dumadami dahilang ng pag-

iimpluwensya sa ibang kabataan. Ito’y isa na rin sa dahilan kung bakit nag bubulakbol ang mga estudyante sa klase na imbis na ipambili ng pang recess ang ipinabaong pera ni nanay at tatay ay napupunta lang ito sa mga suki nilang Internet cafe at isinusugal hanggang abutan ng gabi dahil sa kaadikan. Napapabayaang at sinasayang lang nila ang kanilang pag-aaral na pinaghahirapan ng kanilang mga magulang na maibigay sa kanila. Ang kaadikang ito ay maaaring mag-lihis ng kanilang landas tungo sa baluktot na kinabukasan.

Hindi naman inimbento ang mga ito upang makasama sa mga tao, ngunit ang tao mismo ang nagpapasama nito. Hindi naman siguro ito masama kung lilimitahan ang paggamit ng mga ito sa araw-araw, ngunit parang inaabuso na itong mga kabataan ngayon dahil sa kawalan ng kontrol at disiplina sa sarili.



Tudla

Prince Lemuel Davis

Kailangan ba?

Natural na sa ating mga Pilipino ang pagiging maka Diyos dahil tayo ay nasa isang kristiyanong bansa. Halos lahat ng mga bagay na nakaugaliyan na ng mga nakatatanda tulad ng pagpahid ng basahan sa mga rebulto, paglakad ng nakaluhod patungo sa harap ng altar habang nagdadadal at iba pa, ay hanggang ngayon, atin pa ring ginagawa at sinusunod. Ngunit, minsan’y

sa mga kabutihang layunin ay nauwi sa kabaliktaran.

Bawat taon tuwing sumisibol ang araw ng ika-siyam ng Enero ginanap ang parade ng Poong Itim na Nazareno na kasinlaki daw mismo sa totoong taas at laki ni Hesu Kristo bilang pagbibigay ng importansya sa ating Panginoon. Ito’y ginaganap sa Lungsod ng Kamaynilaan lalong lalo na sa lugar ng Quiapo

sa mismong simbahan. Ito’y dinadayo at pinagguguluhan ng higi’t kumulang isang libong tao. Mga taong may lakas ng loob makipagsabayan sa ibang taong sabik na sabik na maihaplos ang kanilang dala-dalang pamunas na kayang matapakan, maitulak, masakuhan, malatayan at masasal sa paghila para lang daw maigamot sa mga

karamdaman sa katawan.

Hindi talaga maiiwasan na umuwing sugatan, na mapilayan, mapasaan, magkasakit at gutumin ang mga tao doon. Pero para sa kanila bakit pa kaya dapat maghirap para makamit mo ang iyong layunin? Bakit kaya kailangan pang isugal mo pa ang iyong buhay para lang sa iyong kahilingan? Tama ba ito?

Hindi naman basihan ang mga iyon kung gaano kalaki ang iyong paniniwala sa Panginoon. Pwede namang humanap ng tahimik na lugar at doon magdasal nang taimtim para sa iyong mga kahilingan. Basta ang importante, marunong kang magdasal, naniniwala kang may Diyos at naniniwala ka sa Kanya.

Liham sa Patnugot

Punong Patnugot,
Nais ko po sanang ipagpaalam sa inyo na noong minsan’y uminom ako sa fountain ay may ‘di kaaya-ayang kamay at minsan ay dito na rin dumudura lalong lalo na ang mga bata. Ito’y responsibilidad din naman ng mga kinukulang din ang mga kapasidad. Ngunit alam naman natin na ginagawa ng ating paaralan ng paraan ang ating mga tugon sa pagbibigay ng mabuting pasilidad.
Junessa B. Manubag
IV - St. Monica

Punong Patnugot,
Nais ko po sanang mabigyan ng pansin ang kakulangan ng mga upuan sa kantina. Totoo po na marami ng upuan dito, pero hindi po ito sapat para ma-accommodate ang maraming estudyante at ilang mga magulang na kumakain dito. Mabigyan din po sana ng pansin ang mga sirang pintuan sa kubeta ng mga babae.
Christine Joy Salomon
III - St. Francis of Assisi

Punong Patnugot,
Nais ko po sanang ipaalam sa inyo ang pagsasaayos ng mga pasilidad at kagamitan sa loob ng silid-aralan tulad po ng sirang pisara, natanggal na switch ng electric fan na naging sanhi ng di paggawa nito, di umiilaw ang fluorescent lamp at gayundin ang kawalan ng bulletin board.
Jean Diar Llorente
IV - St. Monica

Punong Patnugot,
Nais po nating ipaalam na maraming kabataan sa loob ng paaralan na nagpapakita ng sobrang emosyon sa pagitan ng babae at lalaki o PDA. Sana ito ay mabigyang pansin.
Honey Jie Bagundang at Raya Princess Cervantes
IV - St. Augustine

Honey at Raya, alam ko ang inyong nararamdaman, ngunit lahat naman siguro ng mga kabataan ngayon ay mayroong tinatawag na ‘crush’ o ang iba nga eh mag-nobyot nobya na na minsan ay napapasobra sa nararamdaman na umaabot na nga sa ika-nga eh PDA. Ito ay ipinagbawal na ng paaralan sa matagal na panahon na. Siguro ay nasa kanila na lamang ang desisyon kung ipagpapatulo pa ito o pananatilihin nila ang respeto hindi lamang sa kanilang sarili kundi ang mga tao na rin na nasa paligid.



Boses

Victoria Eliza Inguillo

Basalyo ng Edukasyon

Isang problema sa ating bansa ay ang kalidad ng ating edukasyon. Isang sanhi nito ay ang pagbago-bagong panahon na nararanasan natin at nagreresulta ng pagsuspinde at pag-aabala ng mga klase.

Ayon sa Malacañang noong Enero 5 ay bukas na ang pagtatalaga ng pagbubukas ng klase sa mga kolehiyo at mga pamantasan sa Agosto 0 Setyembre mula sa kadalasang abre klase sa Hunyo. Ngunit kahit ito’y ganap nang itinalaga ng University of the Philippines, Ateneo de Manila University, De La Salle University at University of Sto. Tomas; apat sa pinakamalaking mga unibersidad ng Pilipinas, ito’y dadaan muna sa isang masinsinang pagsusuri mula sa Commission on Higher Education (CHED) upang malalaman ang mga mabubuti at di mabubuting mga epekto nito at nilalayunan ng CHED na matatapos nila ito sa pagdating ng Marso.

Dapat ba talaga nating iibahin ang academic calendar ng ating bansa? Nakakapanginabang ba ito sa atin o dagdag pasanin lamang?

Ayon sa DepEd, ito’y nakakatulong dahil maaring mapapabuti ang mga kakayahan

ng mga mag-aaral sa iba’t ibang propesyong angkop. Madali rin tayong makaka-angkop sa academic calendar ng ibang bansa lalo na sa mga bansang sakop sa ASEAN. Ngunit kaya naman ng ibang mga Pilipino na makisabay sa paraan ng pag-aaral sa ibang mga bansa diba? Isipin naman natin ang mga estudyante sa elementary at sekundarya. Kaya ba nilang umanib sa bagong kalendaryo na kung iisipin natin ay parang nilaan lang ito sa mga estudyanteng nais lang mag-aral sa ibang bansa? Isang kapintasan na nabasa ko sa isang policy paper ng ating bansa ay pagkakaroon ng dalawang buwanang bakasyon sa tag-araw at magkakaroon tayo nang mas mababang pagkakataon ng pag-aabala ng klase. Ngunit, makakaya ba natin ang matinding silakbo ng init sa mga araw na ito? Hindi ito ang prinsipal na solusyon sa pag-aaral ng kabataan dahil sa mga nararanasan nating kalamidad at maaring may mga negatibong epekto ito sa mga estudyante sa pagpasok ng klase. Dapat hindi tayo laging tumango sa anong ilalaan para sa mga ibang estudyante na nais mag-aral sa Asean University Network o sa Estados Unidos.



Dear Juan

Ahabel Jannie Borong

Ogilvy: They have been planning this for a million years.

(Subtitle: Have planned since millions of last year.)

Ogilvy: This is not a war anymore than there's a war between men and maggots.

(Subtitle: This non war again between Manon and of Maget.)

Ogilvy: This is extermination.

(Subtitle: This is abbatoir.)

Ogilvy: Take them by surprise.

(Subtitle: Give surprise them.)

Ray: You don't have anything to say to her, understand?

(Subtitle: You is there is something that wish to be told? Understand.)

Ray: You gotta be quiet!

(Subtitle: You have to peace!)

Soldier: Everybody down!

(Subtitle: Altogether bow!!!)

Napangisi ako nang mabasa ko ang bahaging ito sa "Stainless Longganisa" ni Bob Ong. Ilang beses na kasi akong nakabangga sa mga DVD na may 'cool' na subtitles tulad nito. Sadyang may mga piniratang DVDs lang talaga na medyo halata na pinirata dahil subtitle pa nga lang e bisto na.

Ngunit kahit ganyan ang subtitle ay OK pa rin kasi sabi nga nila mas mabuti na rin yang meron kesa wala. Isa kasi 'yan sa pinakasikat na dahilan tuwing nakikita natin na "cheap" ang isang bagay. Parang nakaprogram na kasi sa ating mga Pinoy ang pagiging kontento sa cheap, ay este, kung ano ang meron.

O diba? It's more fun in the Philippines talaga.

Ito ang ipinagkakaiba natin sa ibang bansa. Pagdating sa pagtitiis at pagiging kuntento sa cheap ay siguradong walang tutulad sa atin. Nagtataka nga ako kung bakit hindi pa tayo nailagay sa Guinness Book of Records.

Community Tax, Professional Tax, Buwis sa Ari-Arian, Excise tax (na hinati pa sa Ad Valorem Tax at Specific Tax), Tariff, Buwis sa Kita at Sales Tax.

Oo. Possible pong may tao na binabayaran ang lahat na tax na nabanggit sa itaas. Kahit pobre pa ba yan, marami pa rin yang binabayarang tax. Kahit nga si Manong Maruya sa labas ng paaralan (na medyo malakas ang putok pero OK lang kasi masarap rin naman ang tindang maruya) ay bumabayad rin ng buwis... kumakayod para mabuhay ang kanilang pamilya at para na rin may maibayad na buwis. Eh bakit yung mga mayayaman pa ang madalas makasuhan ng TAX Evasion? Weird.

Hindi ka ba nagtataka? Kung ganito pala karami ang buwis na binabayaran mo (Oo. Hindi ka exempted dito. Sa simpleng pagbili mo ng all-time favorite nating mga bata na Bobot ay bumabayad ka ng buwis) eh ang yaman na pala ng kaban ng ating bansa. Kung ganon, bakit ang pangit ng mga highways ng ating bansa? May iba pa na parang teleserye ang trip. Nakakabitin. Akala mo hanggang sa dulo ay sementado, yun pala hindi. 1/8 lang pala yung sementado kasi yung karugtong nito ay kabatuhan na. Kumbaga kung sa teleserye pa, abangan sa susunod na kabanata.

Boyfriend: Gaano pa ba kalayo ang bahay ninyo, Babe?

Girlfriend: Sa may dulo pa Babe. Manong, pakibilisan po ang pag-drive.

biglang kumalog ang pedikab





Boyfriend: What da - Babe, ano'ng nangyari? Babe... bakit... bakit naputol ang daan?
HANGGANG DOON LANG??!!!

Girlfriend: Uhm... G-ganito kasi 'yan...
Sinalubong ni Chichay ang nagtatanong na mga mata ni Joaquin.
ABANGANI Sa susunod na eleksyon!

O diba? Madrama?

Malamang hindi mo naitanong kung bakit may mga ganyan. Nasanay ka na kasi. "Kung ano ang meron, makuntento ka na. Mas mabuti ang meron kesa wala." Yan ang rason kung bakit hanggang ngayon ay nasa 3rd World Country tayo. Akala natin na hanggang diyan lang ang ating makakaya. Oo. Karapatan ko, karapatan mo, karapatan natin ang pagkalooban ng Five-Star na serbisyo. Pera naman natin ang nasa kaban diba? E ang tanong-karapatan mo nga, pero ipinaglaban mo ba?

Kaya siguro ibinulsa ni Mareng Napoles at ng mga best friend nating congressman at senators yung pera natin.

Sa mga nakikita natin dito sa ating bansa ay halata na kasing may milagro silang ginagawa sa pera natin ngunit keep calm and go-with-the-flow parin tayo. Hoy Juan! Matagal na yang obyus. Ngayon ka pa magagalit nang nahuli si Napoles? Hindi ka rin naman masyadong late reaction, ano?

Kung noon pa sana ay may aksiyon na ginawa eh hindi sana nagasto ni Mareng Napoles sa kanyang party sa ibang bansa ang pera na pwede sanang ginamit ni Manong Maruya na pambili ng lifetime supply niya ng deodorant. Ang buwis sana na nakuha sa bawat Bobot na binili ng ilang henerasyon ay nakapagpatayo na sana ng mga paraalan para sa mga bata dito sa ating bansa. Tawa na. Alam kong may napaaisip diyan na parang medyo eksaherado na. Ngunit hindi po ako nag eksaherado dito. Reyalidad ito ng bansa mo. Nagsasabi ito na kahit sa isang maliit na halaga na binayad mo sa Bobot ay, kung hinawakan at ginamit lang sana ng mabuti, ay makaaabot na ng malayo. Nailapat na sana ang daan (na hindi mala telenobela) patungo sa pagkamit ng milyon-milyong pangarap ng bawat Pinoy. At lalong mas naisakatuparan sana ang lahat kung hindi ka sana naging kuntento sa kung ano ang meron.


Kumilos ka kasi Juan.

Huwag kang makuntento sa isang piniratang DVD na may nagka leche-lecheng subtitles lamang.

10 paraan para sa pangangatawan

Hindi ba't nakaka-umay na ring marinig ang mga salitang "mataba," "baboy" o di kaya'y "tabachoy" lalo na't kay bagu-bago pa ng taon, kakapasok nga lamang ika nga?

Kung ganun pasasaan pa ba ang mala-Einstein nating isip kung 'di rin naman natin ito magagawan ng paraan? Ang sampung pinakamahusay na programang makakatulong sa inyong pagiging mataba ay este chubby ay ang mga sumusunod:



1. Gardinia Cambogia.

Tinuturing ni Dr. Mehmet Oz, isang Turkish American tv show host, na ito ay isang may mahikang prutas dahil sa umano'y pagpapabawas ng timbang na walang ni isang pawis ang papatak. Sa pamamagitan ng hydroxycitric acid (HCA) na nagpapataas ng Serotonin kung saan nagbabawas naman ng emosyong nag-uudyok na kumain.




2. Body Mass Index

Mula rito malalaman mo na kung ikaw ba ay overweight, obese, underweight, o normal at sa pamamagitan nito ay makokontrol mo ang dami ng iyong kakainin.

ONE WEEK MEAL PLAN						
DAY	MEAL	DRINK	EXERCISE	REST	WATER	NOTES
MON
TUE
WED
THU
FRI
SAT
SUN

3. Diet Meal Plan.

Trip mo ba nang kumain ngunit ayaw mong tumaba? Ang Diet Meal Plan ang sagot diyan dahil dito maraming pagkaing hindi mo kakitaan ng taba at mismong maghahatid sa iyo sa pintuan.



4. Zumba.

Kembot dito, kembot hanggang sa maaliw at hindi na mamalayan ang mga tumatagaktak na pawis.

5. Whey Protein.

Mataba ba? Sa Whey tanggal iyan sapagkat ito ay may Prolibra, high in leucine, bioactive peptides and milk calcium na nagbabawas ng timbang. 'Di lang 'yan, nagpapababang rin ito ng cholesterol, nakakatulong sa may asthma at higit sa lahat anti-kanser.




6. GM o General Motors Diet.

Itinanghal ng General Motors Corporation para mapanatiling ala-coca-cola



ang hugis ng iyong katawan. Kailangang kumain lamang ng partikular na pagkaing minumungkahi ng kompanya.



7. Yoga.

Salitang maaring nangagaling sa yujir yoga (to yoke) o yuj samadhau (to concentrate) na nagmumula pa sa sinaunang India. Nakakatulong ito ng makatulong na mahimbing, maging mahinahon, at lumuwag ang pakiramdam.

8. Plank of abdominal bridge.

Kakaibang uri ng ehersisyong nangangailangan ng katagalang



mananatiling nasa mahirap na posisyon katulad ng push-up position. Sa ganitong paraan, napapalakas nito ang ating tiyan, likod at mga balikat.

9. Intermittent Fasting.

Karaniwang umiinom ng tubig o low-calorie drinks tulad ng black coffee ang nagdiyedyeta sa pagitan ng fasting at non-fasting na oras. Binubuo ito ng dalawang araw kung saan tig-24 oras ang fasting at non fasting.

10. Insanity Workout.

Pagsubok ba hanap mo? E di, sumali ka na sa workout na itong binuo ni Shaun Thompson, isang dating track star. Ito ay isang anim na buwang programa na may 45 minuto bawat araw na puro pagsasanay para ang iyong kalamnan ay manguluntoy.

O ano pa ba ang hinihintay natin? Bago na namang taon? Naku, 'wag na. Subukan mo na ito dahil malay mo baka ikaw na ang susunod sa mga Pinay na nanalo ng 2013 beauty pageant tulad nina Megan Young at Angeli Dione Gomez. Maaari ring kay Ariella Arida o kay Mutya Johanna Datul o sabihin na lang nating baka maging kagaya ka ni Bea Rose Santiago. Sa mga lalaki naman, mabisa rin ito sa paghahanda para sa nalalapit na summer.

Mara Motoy



Galing ng Pinoy 'di Pahuhuli

Axe noon... Kapag ginagamit nakakapagpagaan ng sarili Axe ngayon...

Kapag ginagamit nakakapag palipad papuntang Space...

Aba't nakakaloka talaga ang yaman ng Axe, nagpanukala ba naman ng bagong Axe Apollo Space Academy. Sa pamamagitan ng paglalagay ng impormasyong itinanong ng AXEApollo.com ay mayroon ka ng pag-asang makapunta sa space, oo totoong space.

Nilahukan ng mahigit-kumulang 60 na bansa ang kompetisyon mapa-babae man o mapa-lalaki. Ang dalawang lumahok na may pinakamaraming boto ang

tatanghaling nanalo para sa final stage na dadalhin sa Global Space Camp sa Orlando, Florida ang sumali upang piliin ang 22 maging space travelers base sa kanilang ipinapakitang kakayahan.

Kinikilalang sina Evan Ray Datuin, mula sa Dasmariñas, Cavite. Chino Roque, isang psychology graduate mula sa De La Salle at Crossfit coach, ay isa rin sa makakasama. Ramil Santos, ang kilalang wild card, ay kabilang din sa sasali sa kompetisyon. Noong Enero 9 ngayong taon, hinayag na ng Axe Company ang maswerteng 23 na taong makakasama sa Space binubuo ito ng 2 babae at 21 na lalaki. Kapag sinwerte

nga naman akalain ninyong may isa pang pinagpalang Pinoy ang makakasama sa Space. Ang pinakauna at tanging makakapuntang Pinoy na makakatapak sa buwan ay si Chino Roque.

Mula sa panayam kay Chino, nabanggit niyang umano'y nalungkot siya para sa kanyang kaibigang sina Evan Rey Datuin at Ramil Santos dahil alam niya ang pinagdadaan ng mga ito. Sabi pa niya'y nakikisimpatiya at nirerespeto niya ang damdamin ng mga ito.

Ang pagkapanalo ni Chino mula sa libo-libong kalahok ay patunay na ang galing ng Pinoy ay 'di pahuhuli!

Mara Motoy

Anghel sa Cyber Crime

Sweetie! "Wow pare, pwedeng tawagan ng magsyota!" "Grabeng lambing namang salita." "Naku, parang tuta, ang cute niya!" Iilan sa mga sagot na aking narinig matapos kong itanong kung ano ang kanilang masabi sa salitang sweetie. Ang siste, pano pa nila sasabihing ulit ito kung malaman nilang ito'y isa lamang pain?

Isang Dutch na nagngangalang Terres de Hommes ang gumawa sa sampung taong gulang na si Sweetie upang matunton at sa wakas ay malalaman ang mga mga taong nagsasamantala sa kabataan. Ang batang ito ay "namumuhay" sa Amsterdam nang sa gayo'y makontrol ang kanyang pakikipag-usap, galaw at emosyong ipinapakita.

Nakakagulat na 1,000 na bilang mula sa 71 bilang ng iba't ibang bansa ang nanghihikayat kay Sweetie na gumawa ng mga sex acts sa loob lamang ng dalawa't kalahating buwan. Mula sa kusang binigay na impormasyon tulad ng Facebook, Skypes Handles, phone numbers, pictures, at video footage kumukuha ng impormasyon ang mga activist hindi sa pamamagitan ng hacking nakuha at nahuli ang



mga ito.

Mula dito, nabunyag na 80 porsiyentong biktima sa human trafficking ng Pilipinas ay mga babaeng may edad 18 pababa na titantiyang 60,000 hanggang 100,000. Dahil dito, nagbitaw ng pahayag si Ronald Aguto, head agent of the NBI Cyber Crime Division, na hindi man sila kasing galing ni Hommes, ginagawa naman nila ang lahat upang masugpo ang cyber crime lalo na't bata

ang karaniwang biktima.

Mula sa pinakabagong balita humigit kumulang 20,000 na ang bilang sa sumubok na nang-eenganyo kay Sweetie na gumawa ng malaswang gawain. Ngayon sa kabila ng iyong nalalamang naging pain siya, alam kong masasabi pa rin ninyo ulit ang inyong mga binitawang salita sapagkat si Sweetie ay virtual na batang tinuturing na— anghel sa cyber crime.

Mara Motoy

SPORTS



Red Cubs, ginisa ang NHS: 62-38

Mala tigreng mga drive, malabatong depensa, at hanep na teamwork ang binagsik ng CJC Red Cubs upang gisahin ang nabiktimgang Digos City NHS matapos silang ideklarang panalo sa pagkatigil ng kanilang laro, dahilan ng pabulusok ng ulan, 62-38, sa kanilang Men's Basketball Championship game bilang

parte ng kanilang Division Meet na ginanap sa Digos City NHS noong ika-16 ng Nobyembre 2013. Agresibo ang NHS sa simula pa lang ng unang quarter na dinagdagan pa ng homecourt at crowd advantage, ngunit hindi nagpatinag ang Red Cubs at bumanat sa ilalim si Campo na agad namang

ginantihan ng NHS ng mga atake at mga drive ni Coronigo na nagkuha sa kanilang kalamangan sa quarter, 12-11. Paghantong ng 2nd quarter, agad bumitaw ng swabeng tres si Ramos ng NHS at isa pang kasamahan na si Arbolla na humataw ng mga drive mula sa matitinik na pasa ni Yamomo ngunit ito'y

sinuklian ng Red Cubs nang bumida si Jab ng pamatay na drive. Patuloy na pinilit ng NHS sa huling quarter na masungkit ang kalamangan sa pamamagitan ng floater at jumper ni Coronigo ngunit umararo ng matitinding drive sina Sultan at Fernandez hangang sa itinigil ang laro dahilan ng malakas na ulan at

isinubsob ang NHS SA 62-38. Pawis at paghihirap ang inialay ng team sa apat na buwang hard training upang muling maghari sa Divisions Meet mula sa pananahimik ng maraming taon. Ang Red Cubs ang pupunta sa DAVRAA meet na gaganapin sa Pebrero 2014. *Florenz Cameros*



Paquiao, Bradley II

Matapos ang mahabang panahong pagkumbinsi kay Floyd Mayweather, opisyal nang napagpasyahan ang ikalawang bakbakang Manny Pacman Paquiao at Timothy 'Dessert Storm' Bradley na gaganapin ngayong darating na ika-12 ng Abril, 2014 sa MGM Grand Arena Las Vegas.

"Hinahamon ko talaga siya," wika ni Pacman na pilit sinusulong ang tugon na labanan kay Mayweather na ayaw

talagang sagutin ang hamon. Siya ang nakatakda rin umanong lumaban ngayong ika-3 ng Mayo na hindi pa natukoy ang makasasagupa.

Habang hinihiling ang harapang Pacman vs. Mayweather, isang maaksyong laban ang aabangan at magandang alternatibong fighting opponent si Bradley, uhaw din ng rematch ang dalawa.

Naging kontrobersyal na 12-round split decision ang

pagkapanalo ni Bradley sa nakaraang paghaharap nila ni Pacman noong Hunyo, 2012 na siyang ikinadismaya ng mga Pinoy at ibang boxing fans.

Inaabangan ang muling pagbabalik ng pambansang kamao sa ring mula sa sunod-sunod na talo kay Bradley at masaklap na talo kay Marques at isa namang panalo laban kay Brandon Rios.

Florenz Cameros

Sigaw ng Tagumpay

Kilala mo ba ang Kim So-Hui (2-time World Champion, Taekwondo Women's Division) ng Cor Jesu College? Kilala mo ba ang mandirigmang bigay todo sa kanyang bawat laban?

Lunch break na! Hmmm... makapaglibot nga. Sa aking paggala, kalat-kalat ang mga estudyante. Sa lakas ng bores nila, 'di ko maiwasang makarinig. Ang galing talaga ni Ika! Champion na naman! 'Yun ang biglang sabi ng isang estudyante. Kung hindi ako nagkakamali, si Jeradin G. Navidad ang kanilang pinag-uusapan.

Sino nga ba ang hindi makakikilala sa kanya? Sino nga ba ang makalilimot sa pangalang Jeradin? Lagi siyang umaani ng papuri at parangal sa mga paligsahan sa loob at labas ng paaralan. Pati na rin sa labas ng bansa, hindi na niya pinalagpas. Siya ay isang International Blackbelt Holder at kabilang sa World Taekwondo Headquarters. Hindi talaga maikakailang siya nga ang "Reyna ng Taekwondo."

Pinagpatuloy ko ang aking munting paglalakbay. Hanggang sa napadpad ako sa aming gym. Nakarinig ako ng isang determinadong "Chaaaaaa!" Pumasok ako sa malalawak na pintuang ito at nayanig sa isang nakita. Isang dalagang nakabihis puti at itim ang buhok, pero tiyak akong hindi siya multo.

Ang kanyang tindig ay parang isang mandirigmang h a n d a n g sumugod.

B i g a y - kaya sa bawat sipang kanyang binibitawan ay may kasabay na sigaw. At ramdam ko na marami pa ang makaririnig sa kanyang - Sigaw ng Tagumpay.

Xavierich Castañeda

